# Pambansang Sanggunian ng Kapansanan (National Council on Disability)

# Isang Sulyap

**Kaalaman at Layunin**

Ang National Council on Disability (NCD) ay unang itinatag noon 1978 bilang lupon ng tagapayo sa ilalim ng Department of Education (Kagawaran ng Pagtuturo). Ang sanggunian ay binubuo ng 15 kagawad na hinirang ng Pangulo ng Estados Unidos at pinagtibay ng Senado ng Estados Unidos. Sa pamamagitan ng Rehabilitation Act Amendments ng 1984, ang NCD ay naging isang independeng ahensiya.

Ang kabuuang hangarin ng ahensiya ay upang itaguyod ang mga patakaran, programa, kaugalian, at pamamaraan na naggagarantiya ng pantay-pantay na pagkakataon sa lahat ng mga taong may kapansanan, ng walang pagkiling dahil sa uri o kalubhaan ng kapansanan, at bigyan sila ng kapangyarihan upong magtamo ng kasiyahang halaga at pansariling pangkabuhayan, at makasali at makabilang sa lahat ng bahagi o anyo ng lipunan.

**Mga Katungkulan**

**Kabilang sa mga takdang kautusan ng NCD ang mga sumusunod na katungkulan:**

- Pagbalik-aralan at timbangin ang mga pambansang patakaran, programa, kaugalian, at pamamaraan na nauukol sa mga taong may kapansanan, kabilang na ang mga programang itinatag o tinulungan ng Rehabilitation Act ng 1973, iwinasto, at ang Developmental Disabilities Assistance at Bill of Rights Act.

- Pagbalik-aralan at timbangin ang lahat ng mga takdang batas at pamamalakad na nauukol sa mga pambansang programa na tumutulong sa mga taong may kapansanan, upang tasahin ang kanilang bisa na makatulong sa mga taong ito.

- Pagbalik-aralan at timbangin ang mga lumalabas na pambansang, pang-estado, panglokal at pang-pribadong patakaran na may kinalaman sa mga taong may kapansansan, kasama na ang pangangailangan at pakikipag-ugnayan sa mga serbisyo para sa mga matatanda, pag-abot sa pangpersonal na serbisyo, pagsisikap para sa pang-paaralang pagbabago at ang madudulot ng mga pagsisikap na ito sa mga taong may kapansanan, pag-abot sa pangkalusugang pangangalaga at patakaran na nangangasiwa bilang hadlang sa mga taong naghahanap at pananatili sa hanapbuhay.

- Gumawa ng payo o tagubilin sa Pangulo, sa Kongreso, sa Kalihim ng Pagtuturo, sa Patnugot ng National Institute on Disability and Rehabilitation Research (Pambansang Paaralan sa Kapansanan at Pananaliksik sa Pagpapabagong-Buhay), at sa iba pang pinuno ng mga pambansang ahensiya ng mga pamamaraan upang itaguyod ang pantay-pantay na pagkakataon, kasiyahang halaga at pansariling pangkabuhayan, at makasali at makabilang sa lahat ng bahagi o anyo ng lipunan para sa mga Amerikanong may kapansanan.

- Magbigay sa Kongresso ng mga payo, tagubilin, pambatasang panukala, at iba pang mga kaalaman na naangkop sa palagay ng NCD o Kongreso.

- Maglipon ng mga kaalaman tungkol sa pagpapatupad, pagkabisa, at bunga ng Americans with Disabilities Act (ADA) (Batas sa mga Amerikanong may Kapansanan) ng 1990.

- Magpayo sa Pangulo, sa Kongreso, sa Tagapangasiwa ng Rehabilitation Services Administration (Pamahalaan ng Serbisyong Pagpapabagong-Buhay), sa Tulong Kalihim para sa Tanging Pag-aaral at Serbisyong Pagbabago sa ilalim ng Kagawaran ng Pagtuturo, at sa Patnugot ng Pambansang Paaralan sa Kapansanan at Pananaliksik sa Pagpapabagong-Buhay, ng mga pagpapaunlad ng mga palatuntunan na isasagawa sa ilalim ng Rehabilitation Act (Batas sa Pagpapabago) ng 1973, iwinasto.

- Magpayo sa Tagapangasiwa ng mga patakaran at pamamatnugot ng Pamahalaan ng Serbisyong Pagbabagong-Buhay.

- Magbigay ng payo sa Patnugot ng Pambansang Paaralan sa Kapansanan at Pananaliksik sa Pagpapabagong-Buhay ng mga pananaliksik na ikabubuti ng mga taong may kapansanan.

- Magpayo sa Interagency Disability Coordinating Council kung ano ang mga dapat mauna sa mga talakayain nito at pagbalik-aralan ang mga payo ng sanggunian para sa mga pambatasan at pamahalaang pagbabago.

- Maghanda at magbigay sa Pangulo at Kongreso ng taunang ulat, National Disability Policy: A Progress Report (Pambasang Batas sa Kapansanan: Isang Kaunlarang Pag-Ulat).

**Pinaglilingkurang Mamamayan at Pangkasalukuyang Gawain**

Maraming pangpamahalaang ahensiya and tumatalakay sa mga usapin at programang may kinalaman sa mga taong may kapansanan, subalit ang NCD ay ang nag-iisang pambansang ahensiya na naatasang tumalakay, sumuri at gumawa ng pamungkahi sa mga patakarang pampubliko na may kinalaman sa mga taong may kapansanan ng hindi binabatay sa gulang, uri ng kapansanan, inaakalang uri ng hanapbuhay, pangangailangang pananalapi, kakayahan, o iba pang mga pansariling kalagayan.

Alam ng NCD ang kakaibang pagkakataon nito upang paginhawahin ang pansariling kabuhayan, pakikisama sa kapaligiran, at pagkakataong mahanapbuhay para sa mga taong may kapansanan sa pamamagitan ng paneneguro ng isang maalam at tugmang pamamaraan upang talakayin ang kanilang mga alalahanin at maalis ang anumang hadlang para sa kanilang masigasig na pakisama sa kapaligiran at kaanak.

Malaki ang kinalaman ng NCD sa pagpapaunlad ng mga patakarang ukol sa kapansanan sa Amerika. Ang katotohanan ay ang ahensiya ay unang minungkahi at nakilala bilang ADA.

Kabilang sa mga mahahalagang paksang tinatalakay ang tulong sa pansariling pangangailangan, pagbabago para sa pangangalaga ng kalusugan, ang pagsali ng mga mag-aaral na may kapansanan sa matataas na uri ng mga palatuntunan sa pangkaraniwang paaralan, pantay-pantay na pagkakataon sa paghahanapbuhay, pabahay, pagbantay sa pag-sasakatuparan ng ADA, pagpapabuti sa teknolohiya ng pagtulong, at pagtitiyak na ang mga taong may kapansanan, kabilang na ang mga minorya, ay mapabilang at makasama sa lipunan.

**Pambansang Sanggunian ng Kapansanan**
**(National Council on Disability)**
Washington, DC 20004-1107
(202) 272-2004 (Voice)
(202) 272-2022 (Fax)
(202) 272-2074 TT
http://www.ncd.gov